

KABATAAN: NAGSISILBING GULUGOD SA PAG-UNLAD NG BANSA.

Isinulat ni: Arjay Punongbayan

Sa bawat henerasyong nagdaan, umuusbong ang mga katauhang nagbibigay halaga at silbi, na nagpapa-unlad sa ating bansa. Katauhang nagbibigay daan upang maisulong ang kaayusan at kapayapaan, sa bawat lungsod at bayan. Sa paggamit ng kanyang kamay sa pagsulat, naisusulat niya ang tinta ng isang maayos at buklud-buklod na mamamayan. At sa bawat paggamit ng kanyang isip, naipapahayag niya ang kanyang saloobin ukol sa mga nangyayari sa kanyang kapaligiran. Ito ang mga kabataan, nagsisilbing gulugod at tanggulan sa pagsulong ng bansa.

Bilang isang kabataan, sa paglawak pa lamang ng aking kamalayan, marami na akong naging karanasan. Mga karanasan para sa isang kabataan, na maaaring magbunga ng maganda at masama sa bansa. Sa simpleng tatlong bagay, maisasagawa ko ang aking bahagi bilang isang kabataan. Ito ang, "ako bilang kabataan na masunurin sa batas," "ang kabataan na mag-aral ng mabuti sa ika-uunlad ng bansa," at "ang kabataan na sumama sa iba't ibang organisasyon sa kumunidad." Ito ang tatlong sangkap na magbibigay kulay para umusbong ang isa o maraming katauhan, sa hinaharap.

Tayong mga tao, obligasyon nating sundin ang mga batas ng ating bansa. Hindi lang batas sa loob ng tahanan, pati na rin sa paaralan at sa iba pang lugar. Sa disiplinang ito, hinuhubog ang isang kabataan para maisagawa niya ang kanyang mga dapat gawin ng tama at moral. Itinatanim ng disiplinang ito ang isang kabataan, na maging mabuting mamamayan ng bansa. At dito nakukuha ang tamang pagpapahalaga na bumabalangkas sa bawat isip ng mga kabataan, na gawing ang tama sa bayan, sa pag-unlad ng bayan.

Ikalawa, ang kabataan na mag-aral ng mabuti. Sa bawat paggamit ng isip, ng kamay at ano pa mang ginagamit sa pag-aaral nahuhubog ang kamalayan ng tao, hindi lang sa pisikal kundi pati sa mental at kaganapang pantao. Nagsisilbing susi ang edukasyon para mabuksan ang bawat isip ng kabataan na magdadala sa kanila sa tuktok ng tagumpay. Ang tagumpay para makakuha ng magandang trabaho, na maging magandang imahe sa repleksyon ng kanyang kapwa at sa kanyang bansa. Dahil ito ang tumutugon sa bawat hinaing at nagiging isang gamot na pumapatay sa imoralidad ng tao, na humahadlang sa pagsulong ng bansa.

Panghuli ay ang kabataan na sumasama sa mga organisasyon sa komunidad.ang pagsama ng isang kabataang tulad ko sa sa iba't ibang organisasyon ay nakapagpapaunlad sa aking personalidad na harapin ng lakas ng loob kung ano-ano nga ba ang nagsisilbing kanser na pumapatay sa ating bansa. Dito maisasagawa ko ang aking bahagi para maging lider at maging boses ng masa at ng bansa. Ang tatlong simpleng bagay na ito ay makakatulong sa akin at sa ating bansa, na palaganapin ang tunay na pag-unlad at palayain sa tanikala ang di magandang imahe sa bansang Pilipinas. Ang pagsulong ng bansa ay nasa ating mga kabataan, na nagsisilbing gulugod para maisulong ito, na di ito maiguguhit sa tubig, bagkus itataga pa ito sa bato.